

**PANLOOB NA ALITUNTUNIN NG PAMAMARAAN PARA SA
REGIONAL INTER-TRIBAL CONVENTION**

Alinsunod sa 2026 Implementing Rules and Regulations ng Bangsamoro Electoral Code 2023 o ng COMELEC Resolution No. 11235, ukol sa pagpili ng dalawang (2) kinatawan ng mga Katutubong Hindi Moro (NMIPs) sa Parlamento ng BARMM, at sa mga kapangyarihang ipinagkaloob dito ng mga umiiral na batas, ang mga sumusunod na alituntunin ay ipinalabas ng Rules Subcommittee upang magsilbing gabay sa mga mosyon at pagpapatupad ng mga pamamaraan sa pagsagawa ng Regional Inter-Tribal Convention.

RULE I - MGA PANIMULANG PROBISYON

Seksyon 1. Pamagat ng mga Alituntunin. – Ang mga alituntuning ito ay tatawaging “Panloob na Alituntunin ng Pamamaraan para sa pagsasagawa ng *Regional Inter-Tribal Convention*.”

Seksyon 2. Saklaw ng mga Alituntunin. – Ang mga tuntuning ito ay gagamitin sa pagsasagawa ng Regional Inter-Tribal Convention, ayon sa pahintulot ng mga kinauukulang pamayanan. Ang mga tuntuning ito ay magsisilbing karagdagan (*supplementary*) sa mga Resolusyong ipinalabas ng COMELEC.

Seksyon 3. Pagpapakahulugan. – Malayang binibigyan ng kahulugan ng mga alituntuning ito ay bibigyang-kahulugan nang may kalayaan upang maisulong ang mabisa at mahusay na pagpapatupad ng mga layunin para sa pagsasagawa ng malaya, maayos, tapat, mapayapa, at kapani-paniwalang katutubong pamamaraan ng pinagkaisahang pagpili, at upang matiyak ang makatarungan, mabilisang pagdinig, pagpapasya, at pagresolba sa bawat usapin at pagdinig na iniharap sa kumbensyon na nakapaloob sa BOL Sec. 8.

RULE II - LAYUNIN NG KUMBENSIYON AT MGA KALAHOK

Seksyon 4. *Regional Inter-Tribal Convention*. — Ang Non-Moro Indigenous People Committee (NMIPC), sa pakikipag-ugnayan sa Ministry of Indigenous People’s Affairs (MIPA) at Bangsamoro Electoral Office (BEO), ay magpapatawag ng *Regional Inter-Tribal Convention* matapos makumpleto ang mga Tribal Assembly, sa loob ng panahong itinakda ng COMELEC.

Ang Kumbensiyon ang magsisilbing lunsaran kung saan ang lahat ng NMIP, sa pamamagitan ng pagbuo ng pinagkaisahan (*consensus-building*), ay pipili ng dalawang (2) kinatawan mula sa talaan ng mga nominado, isang lalaki at isang babae, na magsisilbing kanilang mga kinatawan sa Parlamento ng Bangsamoro.

Titiyakin ng Kumbensiyon ang pagiging inklusibo sa pamamagitan ng ganap na pakikilahok ng lahat at pagsasagawa nito alinsunod sa mga kaugaliang batas (*customary laws*) at mga katutubong proseso (*indigenous processes*) batay sa mga alituntunin ng COMELEC Resolution 11235 at BAA 88.

Seksyon 5. Mga Kalahok sa *Regional Inter-Tribal Convention*. — Tanging ang dalawang (2) napiling nominado at sampung (10) delegado (o ang kanilang mga kuwalipikadong kahalili) mula sa bawat pamayanang NMIP, na natukoy matapos ang pagsasagawa ng mga Tribal Assembly, ang maaaring lumahok sa *Regional Inter-Tribal Convention*.

Maaaring mag-imbita ang NMIPC ng mga kasapi ng publiko, bukod pa sa mga pinahihintulutang dumalo, upang magsilbing mga tagamasid ng Kumbensiyon tulad ng: Media, COMELEC representative, Civil Society Organizations (CSO), Non-Government Organization (NGO), at mga kinilalang Observers.

Seksyon 6. Convention Assistance Desk. — Upang maiwasan ang pagsisiksikan at matinding pagdagsa ng mga tao, magtatatag ng Convention Assistance Desk (CAD) sa bawat pasukan at labasan ng lugar ng Kumbensiyon. Ang bawat tanggapan ay pamamahalaan ng mga tauhang itatalaga ng NMIPC, na maaaring kabilang ang mga kinatawan ng MIPA at mga boluntaryo mula sa mga *accredited* Civil Society Organization (CSO).

Ang CAD ang sasagot sa mga katanungan ng mga delegado, nominado, at iba pang kalahok sa *Regional Inter-Tribal Convention*. Makikipag-ugnayan din ito sa BEO, MIPA, NMIPC, at sa mga Subcommittee upang matiyak na ang mga alalahanin ng mga kalahok ay agarang matutugunan.

Kabilang din sa CAD ang mga *usher at marshals* (3 marshals ang magmumula sa bawat tribu) na tutulong sa mga nominado at delegado upang maunawaan at masunod ang mga pamamaraan sa pagsasagawa ng Kumbensiyon.

Seksyon 7. Mga Araw at Oras ng Kumbensiyon. — Ang NMIPC, sa pakikipag-ugnayan sa MIPA at BEO, ang magtatakda ng petsa at oras ng Kumbensiyon sa loob ng panahong itinakda ng COMELEC, at nararapat na ipaalam ito sa lahat ng kinaauukulang delegado at nominado. Sa pagtatakda ng araw at petsa, dapat isaalang-alang ang kalagayan ng bawat NMIP, kabilang ang kanilang mga natatanging pangangailangan, rekisito, at mga usaping may kaugnayan sa seguridad.

Ang NMIPC, sa pakikipag-ugnayan sa MIPA at BEO, ay maaaring magpalawig ng tagal o haba ng Kumbensiyon upang matiyak ang maayos na pagsasagawa ng pagbuo ng pinagkaisahan (*consensus-building*). Kung lumilitaw na hindi makakamit ang pinagkaisahan sa loob ng makatwirang panahon sa panahon ng *Regional Inter-Tribal Convention*, dapat itong tapusin sa isang petsang hindi bababa sa pitong (7) araw sa kalendaryo bago ang BARMM-PE, o alinsunod sa panahong itinakda ng COMELEC.

Titiyakin ng NMIPC na ang lahat ng delegado at nominado ay mabisang mabibigyan ng abiso ukol sa petsa, oras, lugar, adyenda, at iba pang mahahalagang detalye ng Kumbensiyon. Ang abiso ay dapat ibigay nang hindi bababa sa pitong (7) araw bago ang Kumbensiyon at muling ipabatid tatlong (3) araw bago ang itinakdang petsa. Ang mga abiso ay dapat:

- a. Ipalathala sa opisyal na website at mga social media account ng MIPA;
- b. Ipapaskil sa mga pampublikong lugar na madaling makita ng pamayanan;
- c. Hangga't maaari, ipabatid sa naaangkop na katutubong wika ng kinauukulang pamayanan; at
- d. Hangga't maaari, ipalaganap sa pamamagitan ng mga nakaugaliang sistema o daluyan ng komunikasyon.

Seksyon 8. Pagpaparehistro ng mga Nominado, Delegado, at mga Tagamasid. — Ang mga nominado at delegado ng Kumbensiyon ay kinakailangang magparehistro at magpakita ng isang identification card ng pagkakakilanlan na inisyu ng pamahalaan o anumang katanggap-tanggap na katibayan ng kanilang pagkakakilanlang pangkatutubo para sa wastong beripikasyon bago payagang makapasok sa lugar ng Kumbensiyon. Ang hindi pagpakita ng naturang pagkakakilanlan ay magiging sapat na batayan upang tanggiin ang kanilang pagpasok. Kung kuwestiyunin ang pagkakakilanlan ng isang nominado o delegado, ang kinatawan ng bawat IPS at NMIPC na may kaukulang awtoridad para sa nasabing pamayanan ang magpapatunay sa pagkakakilanlan ng naturang indibidwal.

Sa kaso ng pagkamatay, kawalan ng kakayahang gampanan ang tungkulin, o pag-atras ng pangunahing delegado, pahihintulutang pumasok sa lugar ng Kumbensiyon ang itinalagang kahaliling delegado. Sa ganitong pagkakataon, ipaalam ng kahaliling delegado sa Secretariat ang dahilan ng pagpapalit at magsusumite ng katibayan ng pagkamatay, kawalan ng kakayahan, o pag-atras ng pangunahing delegado. Matapos ang naturang abiso, kumpirmahin ng Secretariat ang pagkakasama ng kahaliling delegado sa RITDL at pagtitibayin ang pinal na talaan ng mga delegado bago magsimula ang Kumbensiyon.

Para sa mga tagamasid, isang hiwalay na talaan ng mga wastong sertipikadong tagamasid ang isusumite ng NMIPC sa Secretariat nang hindi bababa sa isang (1) araw bago ang Kumbensiyon. Tanging ang mga nakatala sa sertipikadong listahan ang papayagang makapasok, matapos magpakita ng balidong kard ng pagkakakilanlan na inisyu ng pamahalaan o anumang katanggap-tanggap na patunay ng pagkakakilanlan para sa wastong beripikasyon.

Seksyon 9. Kwalipikasyon at Diskwalipikasyon - Ang mga nominado at delegado at mga kahalili nito ay napili sa pamamagitan ng *customary laws* ng komunidad ng NMIP at pinili sa gabay ng IPS. Kaugnay ng mga rekisitong napaloob sa BOL at ng BEC, sinisiguro ng IPS na ang mga nominado ay tumutupad sa mga sumusunod na rekisito:

Kwalipikasyon ng Nominado:

- a. Filipino;

b. Dalawampu't limang (25) taong gulang sa araw ng BARMM Parliamentary Elections;

c. Marunong bumasa at sumulat;

d. Rehistradong botante ng BARMM;

e. Lehitimong miyembro ng komunidad ng NMIP na may *consanguinity* at may alam sa kultura na kanyang nirerepresenta;

f. Kinikilalang pinuno o lider ng komunidad ng NMIP kung saan sila napabilang;

g. Hindi nag *ascribe* o walang balak na mag *ascribe* bilang Moro;

h. Nakatira sa komunidad nang hindi bababa sa isang (1) taon bago ang araw ng BARMM-PE;

i. Napili noong panahon ng Tribal Assembly;

j. Hindi kapatid, asawa, anak ng delegado; at

k. Kabilang sa NMIP na nakasaad sa BIPA.

Diskwalipikasyon ng mga Nominado:

a. Napatunayang may pagkakasala sa komunidad ng NMIP o may nilabag na katutubong kultura at tradisyon na may kinalaman sa kanilang IPS;

b. Napatunayang may sala at mayroon nang pinal na hatol na may kinalaman sa *moral turpitude* o anumang kaso na may parusang pagkakakulong na hindi bababa sa isang (1) taon o higit sa dalawang (2) taon pagkatapos ang hatol;

c. Napaalis sa pinagsisilbihang institusyon dahil sa *administrative case*;

d. Napatunayang may sala at may pinal na hatol na may kinalaman sa paglabag sa *oath of allegiance* sa Republika ng Pilipinas;

e. Napatunayang may karamdaman sa pag-iisip ng mga kwalipikadong indibidwal; at

f. Ang Nominado ay dapat na hindi kabilang sa mga proyekto na may kinalaman sa marahas o mapang-aping kilos na makakasira (hal. pagbebenta ng lupain ng tribu) sa *ancestral domain* ng mga komunidad ng NMIP.

Kwalipikasyon ng mga Delegado:

a. Filipino

b. Labing-walong (18) taong gulang o higit pa sa araw ng *Regional Inter-Tribal Convention*;

c. Kasama sa mga napili sa Tribal Assembly;

d. Marunong bumasa at sumulat;

e. Kinikilalang pinuno o lider ng komunidad ng NMIP kung saan siya napabilang;

f. Rehistradong botante ng BARMM;

g. Lehitimong miyembro ng komunidad ng NMIP na may *consanguinity* at may alam sa kultura na kanyang nirerepresenta;

h. Nakatira sa komunidad nang hindi bababa sa isang (1) taon bago ang araw ng BARMM-PE;

i. Hindi kapatid, asawa, o anak ng nominado; at

l. Kabilang sa NMIP na nakasaad sa BIPA.

Diskwalipikasyon ng mga Delegado:

- a. Pangungumbinsi at pagbigay ng pera o ano mang bagay na kapalit ay suporta;
- b. Kasalukuyang may pinanghahawakang tungkulin sa gobyerno;
- c. Pananakot sa mga delegado at *Grievance Committee* kapalit ng suporta; at
- d. Panlilinlang sa mga delegado, IPS, at NMIPC.

Ang mga ebidensiyang may kinalaman sa mga panuntunang nilabag ng nominado at delegado ay dapat na maipasa sa NMIPC bago pa ang *Regional Inter-Tribal Convention* upang mabigyan ng karampatang aksyon.

Seksyon 10. Panunumpa ng mga Delegado. — Ang lahat ng delegado ay sama-samang manunumpa sa harap ng Tagapangulo ng NMIPC sa isang seremonyang isasagawa pagkatapos ng pagpaparehistro at bago ang pormal na pagbubukas ng Kumbensiyon.

RULE III - CONVENTION PROPER

Seksyon 11. Pormal na Pagsasagawa ng Kumbensiyon. — Ang Tagapangulo ng NMIPC ang mamumuno sa Kumbensiyon sa tulong ng Secretariat, na siyang mangangasiwa sa mga pagdinig at iba pang pamamaraan alinsunod sa paraang itinakda ng Rules Subcommittee. Bilang namumunong opisyal, tatawagin ng Tagapangulo ang Kumbensiyon upang simulan ang mga gawain, aatasan ang Secretariat na magsagawa ng roll call batay sa pinal na talaan ng mga delegado, ipagkakatiwala sa Pangalawang Tagapangulo ang pamamahala sa adyenda, at titiyakin ang maayos na pagtalakay sa buong Kumbensiyon.

Sa araw bago ang pormal na pagsasagawa ng *Regional Inter-Tribal Convention*, magkakaroon ng ritwal na pangungunahan ng *Erumanen ne Menuvu*. At sa mismong araw ng pagsasagawa ng kumbensiyon, magkakaroon ng ritwal ang mga *Teduray* bago magsimula ang programa at isa pang ritwal sa pagtatapos naman ng programa.

Seksyon 12. Pagtawag sa Kumbensiyon at Panawagan. — Tatawagin ng Tagapangulo ang Kumbensiyon upang pormal na simulan ang pagpupulong sa pamamagitan ng katutubong pamamaraan (gong). Susundan ito ng pag-awit ng Pambansang Awit ng Pilipinas at BARMM Hymn. Kasunod nito ang isang panawagan na kumikilala sa magkakaibang pinagmulan at kaligiran ng mga kalahok. Ang Secretariat ang magpapasya kung sino ang mangunguna sa panawagan.

Seksyon 13. Roll Call. — Kaagad pagkatapos ng panawagan, aatasan ng Tagapangulo ang Secretariat na isagawa ang roll call. Isasagawa ito sa pamamagitan ng pagtawag sa buong pangalan ng bawat delegado ayon sa alpabetikong pagkakasunud-sunod, na nakapangkat batay sa kani-kanilang pamayanang NMIP, na isasaayos din ayon sa alpabeto. Kapag tinawag ang kanilang pangalan, kikilalanin ng bawat delegado ang kanilang pagdalo sa Secretariat sa pamamagitan ng pagtayo at pagbigkas ng katutubong pagpapakilala (Mahagtay, Meuyag,

Oweh, Higaonon, Blaan). Matapos ang roll call ng mga delegado, isasagawa rin ang roll call ng mga nominado sa parehong pamamaraan.

Seksyon 14. Pagtukoy sa Korum. — Batay sa roll call, tutukuyin ng Secretariat kung may umiiral na korum ng mga kalahok na pamayanang NMIP alinsunod sa talata i ng Seksyon 3 ng Resolution 11235 BEC-NMIP IRR. Kapag nakumpirma ang korum, ipaaalam ito ng Secretariat sa Tagapangulo sa harap ng Kumbensiyon.

Seksyon 15. Mga Alituntunin ng Kumbensiyon. — Ang Mga Alituntunin ng Kumbensiyon, na naipamahagi sa mga delegado at nailathala, ay babasahin ng Secretariat. Ang mga alituntunin ay ihaharap sa wikang nauunawaan ng lahat ng delegado at nominado.

Maaaring isantabi ang pagbasa ng mga alituntunin sa pamamagitan ng isang mosyon na inihain ng isang delegado at sinuportahan ng isa pang delegado. Kapag may pagtutol, pag-uusapan ng mga delegado ang nasabing mosyon sa tradisyunal na pamamaraan.

Seksyon 16. Pagpapasya sa Pagpili ng mga Nominado na Uupo Bilang NMIP Representatives. - Tatalakayin ng mga delegado ang mga alituntuning mamamahala sa pagpili ng mga nominado sa pamamagitan ng katutubong pinagkaisahan.

Seksyon 17. Pagpapasya sa Kaayusan sa Pag-ikot ng Panunungkulan. — Tatalakayin ng mga delegado ang kaayusan sa pag-ikot ng panunungkulan, kung mayroon, at ang magiging aplikasyon nito sa mga nominado, gayundin ang mga alituntuning mamamahala sa pagpapatupad ng naturang pag-ikot.

Ang kinatawan ng bawat IPS sa NMIPC ang maglalahad sa *Regional Inter-Tribal Convention* ng kanilang mga resolusyon ukol sa pag-ikot ng panunungkulan. Sa pagkakataong mayroong IPS na napagkasunduang hindi sumang-ayon sa pag-ikot ng panunungkulan, ang mga delegado ang mag-uusap sa pamamagitan ng katutubong pinagkaisahan ang magtatakda batay sa kanilang pag-uusap ng pagkakasunod-sunod. Kung sakaling, walang katutubong pinagkaisahan matapos ang mga pag-uusap, ang pagpapasya ukol sa dito ay iaatas sa *Grievance Committee*.

Ang sagradong napagkasunduang pamamaraan ng pagkakasunod-sunod ng lahat ng sumang-ayong tribu para sa NMIP Seat sa Parlamento ng BARMM ay may bisa sa batas (*binding*) sa lahat ng sumang-ayong komunidad ng NMIP at nararapat na masunod. Sa pagtatapos ng *Regional Inter-Tribal Convention*, ang NMIPC ay gagawa ng resolusyon na nagsasaad ng nasabing pagkakasunod-sunod na may lagda ng lahat ng nominado, Pinuno ng IPS o awtorisadong kinatawan, at NMIPC na notaryado.

Seksyon 18. Panunumpa at Pagpapakilala ng mga Nominado. — Lahat ng nominado ay sama-samang manunumpa sa harap ng Tagapangulo.

Pagkatapos nito, ang bawat nominado mula sa iba't ibang pamayanang NMIP ay magpapakilala ayon sa alpabetikong pagkakasunud-sunod, ilalahad ang kanilang mga kuwalipikasyon alinsunod sa mga rekisitong itinakda sa BEC-NMIP IRR, kabilang ang kanilang pagkilala sa sarili bilang NMIP at iba pang kinakailangang kuwalipikasyon,

Ang bawat nominado ay bibigyan ng pinakamataas na panahong itinakda sa mga inaprubahang ground rules, kung mayroon, o sa panahong napagkasunduan ng Kumbensiyon. Ang sinumang lalampas sa itinakdang oras ay magalang na tatawaging sumunod sa kaayusan.

Seksyon 19. Panel Interview. — Matapos ang mga presentasyon, pamumunuan ng Tagapangulo ang panel interview para sa bawat nominado. Ihaharap ng Pangalawang Tagapangulo ang mga nominado ayon sa alpabetikong pagkakasunud-sunod upang isa-isang kapanayamin ng mga delegado.

Upang mapangasiwaan ang oras, maaaring magtakda ang Tagapangulo ng makatwirang limitasyon sa bilang ng mga tanong at sa oras ng pagsagot ng bawat nominado. Ang limitasyong ito ay ipatutupad nang pantay-pantay at hindi dapat magbigay ng pabor o magdulot ng pagkiling laban sa sinumang nominado o delegado.

Seksyon 20. Pagtatapos ng mga Panayam. — Pagkatapos makapanayam ang lahat ng nominado, ipahihinto ng Tagapangulo ang mga panayam at hihilingin sa mga nominado na lumabas ng silid ng deliberasyon.

Seksyon 21. Pagpili at Pagbuo ng Pinagkaisahan ng mga Delegado. — Sa paglabas ng mga nominado sa silid ng deliberasyon, sisimulan ang proseso ng katutubong pinagkaisahang pagpili.

Kung sakaling hindi magtagumpay ang pagbuo ng *consensus* matapos ang unang yugto ng pagtukoy sa mga kinatawan ng NMIP, titipunin ng Tagapangulo ng NMIPC ang lahat ng katwirang inilahad laban sa isang nominado at tutukuyin ang mga posibleng hakbang na maaaring isaalang-alang upang makamit ang *consensus*. Isasagawa ang ikalawang yugto ng pagbuo ng *consensus* upang talakayin ang mga mungkahing hakbang ng mga partido at ang mga posibleng alternatibo.

Kung hindi pa rin makamit ang *consensus* matapos ang ikalawang yugto, pahihintulutan ng Tagapangulo ng NMIPC ang ikatlong yugto ng talakayan, na pagpapasyahan sa pamamagitan ng *majority consensus*.

Seksyon 22. Pansamantalang Pagtatapos ng Pagpupulong. — Kung hindi pa rin makabuo ng pasya sa unang araw ng Kumbensiyon, ipahahayag ng Tagapangulo ang pansamantalang pagtatapos ng pagpupulong.

[REDACTED]

Ipagpapatuloy ang proseso ng pagpili sa susunod na itinakdang araw ng Kumbensiyon, na dapat magtapos nang hindi bababa sa pitong (7) araw sa kalendaryo bago ang BARMM-PE, o alinsunod sa panahong itinakda ng COMELEC.

Seksyon 23. Pagtatapos ng Proseso ng Pagpili. — Matapos mapili ang dalawang (2) Kinatawan ng NMIP, maghahanda ang Secretariat ng isang ulat na naglalaman ng mga pinagkaisahang napiling Kinatawan ng NMIP sa Parlamento ng Bangsamoro at ng Kaayusan sa Pag-ikot ng Panunungkulan, kung mayroon.

Ang ulat ay papatunayang wasto ng Tagapangulo at lalagdaan ng mga kasaping NMIPC na dumalo sa Kumbensiyon.

Seksyon 24. Sertipiko ng Pagpili. — Maghahanda ang NMIPC ng Sertipiko ng Pagpili sa tatlong (3) sipi, na naglalaman ng mga pangalan ng dalawang (2) Kinatawan ng NMIP sa Parlamento ng Bangsamoro at ng napagtibay na Rotation Agreement, kung mayroon. Lalagdaan ito ng Tagapangulo ng NMIPC.

Pagkatapos ng proseso ng pagpili, ang Sertipiko ng Pagpili, kasama ang Ulat at Katitikan ng Kumbensiyon, ay kaagad na ipapadala sa Regional Board of Canvassers (RBOC) sa pamamagitan ng BEO, at bibigyan ng sipi ang NMIPC, maliban kung may ibang panahong itinakda ng COMELEC.

Sa anumang pagkakataon, alinsunod sa Seksyon 29, Artikulo IV(D) ng BEC, dapat matanggap ng COMELEC, sa pamamagitan ng BEO, ang mga pangalan ng mga napiling Kinatawan ng NMIP nang hindi lalampas sa pitong (7) araw sa kalendaryo bago ang petsa ng BARMM-PE.

Seksyon 25. Grievance Committee. - Ito ay binubuo ng anim (6) na tribu na pinangunahan ng pinuno ng kani-kanilang IPS o mga awtorisadong kinatawan, kasama ang kinatawan ng NMIPC (binubuo ng Rules Committee Chair, Legal Representative, at Head Secretariat) kung papahintulutan ng IPS.

Sa pagkakataong walang nabuong desisyon sa mga pag-uusap ng mga delegado, ang *Grievance Committee* ang naatasang maglatag ng pinal na desisyon sa pamamagitan ng katutubong pinagkaisahan. Ang kanilang desisyon ay *final and executory*.

Sa pambihirang pagkakataon na wala pa ring nabuong desisyon ang *Grievance Committee*, magkakaroon na ng *majority consensus* bilang panghuling lunas upang magkaroon ng desisyon sa *Regional Inter-Tribal Convention*.

RULE IV - MGA MOSYON

Seksyon 26. Mga Mosyon. — Ang mosyon ay tumutukoy sa pormal na mungkahi ng isang Delegado upang magpahayag ng opinyon. Tatalakayin at pagpasyahan ang isang partikular na aksyon, hakbang, o opisyal na paninindigan.

Seksyon 27. Pangunahing Mosyon. — Ang pangunahing mosyon ang naghaharap ng isang usapin o panukala sa kapulungan upang pag-usapan at pagpasiyahan. Hindi ito maaaring ihain habang may iba pang mosyong nakabinbin sa kapulungan, at nagbibigay-daan ito sa mga mosyong may pribilehiyo, mga pantulong na mosyon, at mga insidental na mosyon.

Seksyon 28. Mga Pantulong na Mosyon (Subsidiary Motions). — Ang mga pantulong na mosyon ay mga mosyon na nagtatakda o nagbabago sa paraan ng pagtalakay o pagproseso ng isang pangunahing mosyon. Pinagpapasiyahan muna ang mga ito bago ang pangunahing mosyon. Kabilang dito ang mga sumusunod:

- a. **Pagpapaliban ng Pagtalakay.** Ginagamit upang pansamantalang maipagpaliban ang pagtalakay sa isang usapin hanggang sa magpasya ang kapulungan, sa pamamagitan ng katutubong pinagkaisahan ng mayorya, na ipagpatuloy muli ang pagtalakay. Sa pagpapatibay ng mosyong "ilagay muna sa mesa (*lay on the table*)," maaaring agad na ihinto ng mayorya ang pagtalakay sa isang usapin. Ang mosyong ito ay nangangailangan ng pagsegunda at hindi maaaring pagtalunan o amyendahan.
- b. **Pagtatapos ng Debate.** Ginagamit upang agad na dalhin sa katutubong pinagkaisahan ang usapin. Isinasara nito ang debate at pinipigil ang anumang karagdagang pag-amyenda. Taliwas sa karaniwang paniniwala, ang mayorya ng kapulungan, at hindi ang Tagapangulo, ang nagpapasya kung sapat na ang naging talakayan.
- c. **Paglilimita o Pagpapalawig ng Debate.** Ginagamit kung nais ng kapulungan na limitahan o palawigin ang oras na gugugulin sa pagtalakay ng isang usapin, lalo na kung may umiiral na alituntunin ukol sa haba ng debate.
- d. **Pagpapaliban sa Isang Tiyak na Oras.** Sa mosyong ito itinatakda ang tiyak na petsa at oras kung kailan muling tatalakayin ang usapin.
- e. **Pagsangguni sa Komite.** Iniiutos ng mosyong ito na ang isang usapin ay pag-aralan muna ng isang komite o ibang lupon, na magsusumite ng ulat at rekomendasyon sa kapulungan.
- f. **Pag-amyenda.** Ginagamit upang baguhin ang isang mosyon upang maging higit na katanggap-tanggap sa kapulungan. Ang pag-amyenda ay dapat may kaugnayan sa layunin ng pangunahing mosyon at hindi maaaring magbago sa paraang magpapawalang-saysay sa pangunahing layunin nito.

bb
Maaaring may dalawang pag-amyenda na nakabinbin nang sabay: ang unang pag-amyenda ay tumutukoy sa pangunahing mosyon, at ang ikalawang pag-amyenda ay dapat tumukoy sa unang pag-amyenda.

Kapag may nakabinbing pag-amyenda, ang pagtalakay ay limitado lamang sa naturang pag-amyenda. Ang mga pag-amyenda ay pag-uusapan sa katutubong pamamaraan sa kabaligtarang pagkakasunud-sunod ng kanilang paghahain. Pagkatapos mapag-usapan ang isang pag-amyenda, maaaring maghain ng panibagong pangunahing o ikalawang pag-amyenda.

Ang mosyon para sa pag-amyenda ay maaaring pagtalunan, nangangailangan ng pagsegunda, at pinagtitibay sa pamamagitan ng pagkakaisa ng mayorya.

- g. **Pagpapaliban ng Walang Tiyak na Panahon.** Ginagamit upang epektibong wakasan ang pagtalakay sa isang pangunahing mosyon nang hindi ito direktang pinag-uusapan. Gayunman, maaari pa rin itong muling buhayin sa hinaharap sa pamamagitan ng pagkakaisa ng mayorya.

Seksyon 29. Mga Insidental na Mosyon. — Ang mga insidental na mosyon ay mga mosyong tumutukoy sa pamamaraan ng pagproseso ng iba pang mga mosyon. May prioridad ang mga ito kapag lumitaw ang kaugnay na usaping pangparliyamanto. Kabilang dito ang mga sumusunod:

- a. **Usapin ng Kaayusan.** Ginagamit upang ipabatid sa kapulungan na may nilalabag na tuntunin o pamamaraan. Hindi kinakailangang kilalanin muna ng Tagapangulo ang kasapi bago magtaas ng Usapin ng Kaayusan. Hindi ito isang mosyon; sa halip, kinakailangan lamang na magpasya ang Tagapangulo kung nararapat itong agarang aksiyunan.
- b. **Pag-apela sa Pasya ng Tagapangulo.** Maaaring baligtarin ng kapulungan ang anumang pasya ng Tagapangulo. Ang mosyon ay nangangailangan ng pagsegunda ngunit hindi maaaring amyendahan.

Hindi maaaring pagtalunan ang mosyong ito kung ito ay may kaugnayan sa maling paggamit ng kapangyarihan o kung may nakabinbing mosyon upang isara ang debate. Sa ibang pagkakataon, maaari itong pagtalunan. Bawat kasapi ay maaaring magsalita nang isang beses, at maaaring ipaliwanag ng Tagapangulo ang batayan ng kanyang pasya.

- c. **Katanungang Pangparliyamanto.** Isa itong katanungan kung ang isang hakbang o kilos ay naaayon sa mga tuntunin at wastong pamamaraan ng kapulungan.
- d. **Usapin para sa Pagbibigay ng Impormasyon.** Maaaring humingi ng pagkakataon ang isang kasapi upang magbigay ng impormasyong mahalaga sa kapulungan. Hindi ito dapat gamitin bilang paraan upang makipagdebate.

e. **Kahilingan na Bawiin ang Mosyon.** Ang kahilingang bawiin ang mosyon ay nangangailangan ng pag-apruba ng mayorya ng kapulungan.

f. **Pansamantalang Pagsuspende ng mga Tuntunin.** Ginagamit kapag kinakailangang talakayin ang isang usapin nang wala sa nakatakdang ayos o kung higit na magiging epektibo ang isang gawain kung pansamantalang hindi susundin ang mga pormal na tuntunin. Ang mosyong ito ay nangangailangan ng pagsegunda, hindi maaaring pagtalunan o amyendahan, at pinagtitibay sa pamamagitan ng boto ng mayorya.

Habang suspendido ang mga tuntunin, maaari lamang magkaroon ng talakayan. Walang maaaring pagpasiyahan hanggang sa maibalik ang pagpapatupad ng mga tuntunin.

g. **Pagtutol sa Pagpapasya sa Isang Usapin.** Maaaring tutulan ang pagtalakay sa isang mosyon at ideklarang hindi naaayon sa kaayusan nang walang debate kung ito ay lubhang hindi nararapat o malinaw na inihain lamang upang gambalain ang kapulungan sa pagtalakay ng mga lehitimong usapin. Kung hindi ito ideklarang out of order ng Tagapangulo, maaari pa ring hadlangan ng boto ng mayorya ang pagpapatuloy ng pagtalakay sa naturang mosyon.

Seksyon 30. Mga Mosyong Nagpapabalik o Nagpapabago ng Naunang Pasya. — Matapos makapagpasya ang kapulungan sa isang mosyon, maaaring gamitin ang mga mosyon nagpapabalik o nagpapabago upang muling talakayin o muling pagpasiyahan ang naturang mosyon. Kabilang dito ang mga sumusunod:

a. **Muling Pagsasaalang-alang.** Ginagamit ito kapag nais ng kapulungan na muling talakayin ang isang mosyon na napagpasyahan na sa parehong pagpupulong. Kinakailangan ang pag-apruba ng mayorya upang muling buksan ang debate. Ang mosyong ito ay maaari lamang ihain ng isang kasaping panig sa nanaig na naunang pinagkasunduan.

b. **Pag-aalis ng Mosyon mula sa Mesa.** Maliban kung itinakda sa orihinal na mosyon na ilagay muna sa mesa ang tiyak na petsa at oras ng muling pagtalakay, kinakailangan ang pagkakaisa ng mayorya upang maaprubahan ang mosyon na alisin mula sa mesa ang usapin at ipagpatuloy ang pagtalakay rito. Ang mosyong ito ay hindi maaaring pagtalunan.

c. **Pagpapawalang-bisa.** Kapag nais ng kapulungan na pawalang-bisa ang isang naunang pasya o aksiyon, maaaring maghain ng mosyon upang pawalang-bisa (rescind) ito anumang oras. Kung naabisuhan na ang kapulungan nang maaga na isasaalang-alang ang naturang mosyon, sapat na ang pagkakaisa ng simpleng mayorya upang ito ay maaprubahan. Subalit kung walang naunang abiso, kinakailangan ang pagkakaisa ng kapulungan upang maipasa ang mosyon.

RULE V - QUESTIONS OF PRIVILEGE

Seksyon 31. Ano ang Questions of Privilege. — Ito ay tumutukoy sa mga katanungan na may kinalaman sa kaligtasan, kapakanan, o kagalingan ng kapulungan o ng isang kasapi. Maaari itong ihain kahit may nagsasalita. Hindi nangangailangan ng pagsegunda, hindi maaaring pagtalunan, at hindi rin nangangailangan ng botohan.

Seksyon 32. Pagtatakda ng Oras ng Susunod na Pagpupulong. — Isang mosyon upang itakda ang oras ng susunod na pagpupulong. Maaari itong ihain anumang oras, kahit nakabinbin ang isang mosyon para sa pagpapaliban. Ito ay kinakailangan ang pagsegunda, hindi maaaring pagtalunan, at maaaring amyendahan.

Seksyon 33. Pagpapaliban ng Pagpupulong. — Isang mosyon upang wakasan ang pagpupulong. Kinakailangan nito ang pagsegunda, hindi maaaring pagtalunan, at hindi maaaring amyendahan. Ang *Grievance Committee* ang magpapasya sa pagpapaliban ng pagpupulong.

Seksyon 34. Pansamantalang Pagtigil ng Pagpupulong. — Isang pansamantalang paghinto ng pagpupulong. Dapat tukuyin sa mosyon ang oras ng muling pagpapatuloy ng pagpupulong. Kinakailangan ang pagsegunda, hindi maaaring pagtalunan, at hindi maaaring amyendahan.

Seksyon 35. Panawagan para sa Nakatakdang Kaayusan ng Adyenda. — Isa itong kahilingan na ibalik ng kapulungan ang pagtalakay sa nakatakdang adyenda. Maaari itong ihain kahit may nagsasalita. Hindi nangangailangan ng pagsegunda, hindi maaaring pagtalunan, at hindi nangangailangan ng botohan. Kinakailangan nito ang boto ng mayorya upang tanggihan ang naturang panawagan.

RULE VI - TRANSPARENCY AND MONITORING

Seksyon 36. Transparency at Pagbubunyag ng Impormasyon. — Ang bawat NMIP ay dapat magpatupad ng mga hakbang upang matiyak ang transparency ng proseso, mapalakas ang pananagutan, at mapataas ang tiwala ng publiko. Kabilang sa mga hakbang na ito ang mga gawaing nagsisiguro ng malaya, maayos, tapat, mapayapa, at kapani-paniwalang pagtukoy sa kanilang mga nominado at napiling kinatawan, sa paraang tunay na sumasalamin sa kagustuhan ng mga NMIP.

Titiyakin ng bawat pamayanang NMIP na, sa lahat ng yugto ng proseso, magkakaroon ng ganap na akses ang mga kinatawang may wastong awtoridad mula sa COMELEC, MIPA, at isang akreditadong Civil Society Organization (CSO) na nakatuon sa halalan. Ang BEO ay magsasagawa rin ng pagmamasiid sa pagsasagawa ng mga Tribal Assembly at ng Regional Inter-Tribal Convention.

Maaaring magsagawa ang bawat pamayanang NMIP ng bidyo at audio na dokumentasyon ng mga pagdinig para sa layunin ng pag-iingat ng mga talaan (*archival purposes*) at upang matiyak ang katunayan at pananagutan sa buong proseso. Ang mga naturang rekording ay dapat mapatotohanan ng MIPA at isumite sa BEO.

Seksyon 37. Pagsubaybay ng BEO. — Ang pagsubaybay at pagmamasid ng BEO ay isasagawa alinsunod sa mga patnubay na ipinalabas ng COMELEC.

Ang kinatawan ng BEO na naroroon sa lugar ng Kumbensiyon ay awtorisado ring tumanggap ng Sertipiko ng Pagpili.

RULE VII - POST-SELECTION REMEDIES

Seksyon 38. Pag-ubos ng mga Panloob na Remedyo. — Ang bawat NMIP ay dapat magpatibay ng mga panloob na alituntunin na mamamahala sa mabilis, makatarungan, at patas na pagresolba ng mga hinaing na nagmumula sa proseso ng pagpili, alinsunod sa kanilang mga katutubong pamamaraan o kaugaliang batas.

Kung ang isang hinaing ay nananatiling hindi nareresolba matapos magamit ang lahat ng panloob na remedyong itinatadhana ng mga umiiral na panloob na alituntunin, katutubong pamamaraan o kaugaliang batas, maaaring magsampa ang sinumang nominado, delegado, o kasapi ng isang pamayanang NMIP na may karaingan ng isang Sinumpaang Petisyon sa BEO, kaagad pagkatapos ng pagsasagawa ng *Regional Inter-Tribal Convention* at bago ang proklamasyon sa araw ng halalan, batay sa alinman sa mga sumusunod na dahilan:

- a. Hindi nasunod ang mga alituntuning pamamaraang namamahala sa pagsasagawa ng mga *Tribal Assembly* o ng *Regional Inter-Tribal Convention*; o
- b. Kawalan o kakulangan ng alinman sa mga kinakailangang kuwalipikasyon ng mga napiling Kinatawan ng NMIP.

Ang Sinumpaang Petisyon ay dapat nakasulat, malinaw na nagsasaad ng mga tiyak na batayang pinagbabatayan nito, at may kalakip na mga sumusuportang ebidensiya para sa naturang pagtutol. Susuriin ng COMELEC ang Petisyon at maglalabas ng pasya sa loob ng makatwirang panahon, alinsunod sa mga umiiral na batas, tuntunin, at regulasyon. Ang pasya hinggil sa bisa ng resulta ng pagpili ay agad na maipatutupad (*immediately executory*), nang hindi isinasantabi ang iba pang mga remedyong itinatadhana sa Rules of Court.

RULE VIII - PROCLAMATION

Seksyon 39. Proklamasyon ng mga Kinatawan ng NMIP sa Parlamento ng Bangsamoro. — Ang Sertipiko ng Pagpili na naglalaman ng mga pangalan ng dalawang (2) Kinatawan ng mga NMIP na napili sa *Regional Inter-Tribal Convention* ay dapat isumite sa COMELEC, sa



pamamagitan ng BEO, nang hindi lalampas sa pitong (7) araw sa kalendaryo bago ang pagsasagawa ng BARMM-PE.

Ang mga Kinatawan ng NMIP sa Parlamento ng Bangsamoro na nakatugon sa mga kinakailangang kuwalipikasyon at ang pagpili ay naging pinal na ay ipoproklama ng COMELEC kasabay ng proklamasyon ng iba pang mga Miyembro ng Parlamento na inihalal sa pamamagitan ng BARMM-PE.

Seksyon 40. Pagsuspende ng Proklamasyon. — Kung ang isang Petisyon para sa Diskuwalipikasyon ng isang Kinatawan ng NMIP, na inihain alinsunod sa Seksyon 43 nito, ay hindi pa nalulutas sa pamamagitan ng pinal na hatol sa araw ng halalan, at malakas ang ebidensiyang sumusuporta rito, ang naghain ng naturang petisyon ang may eksklusibong remedyo na magsumite ng isang Mosyon sa Commission Division o sa Commission En Banc, kung saan nakabinbin ang kaso, upang hilingin ang pagsuspende ng proklamasyon ng naturang Kinatawan ng NMIP.

Ang Commission Division o ang Commission En Banc ay maaari ring, motu proprio, magsuspende ng proklamasyon ng Kinatawan ng NMIP na tumutugon sa isang Petisyon para sa Diskuwalipikasyon, kung malakas ang ebidensiyang sumusuporta rito.

RULE IX - PAGPAPALIBAN AT PAGPAPATULOY NG KUMBENSIYON

Seksyon 41. Pagpapaliban ng Kumbensiyon. — Ang NMIPC, sa pakikipag-ugnayan sa BEO at MIPA, ay maaaring, motu proprio, o batay sa isang Sinumpaang Petisyon na inihain ng sinumang may interes na kasapi ng isang NMIP, ipagpaliban ang *Tribal Assembly* o ang *Regional Inter-Tribal Convention* dahil sa force majeure, karahasan, terorismo, pagkawala o pagkasira ng mga kagamitang ginagamit sa proseso ng pagpili, o kung may malubhang dahilan na nagiging hadlang sa pagsasagawa ng isang malaya at maayos na proseso ng pagpili, o dahil sa iba pang katulad na mga pangyayari.

Ang anumang Sinumpaang Petisyon para sa pagpapaliban ay dapat ihain sa BEO nang hindi bababa sa limang (5) araw bago ang nakatakdang Assembly o Convention, maliban kung ang batayan ng pagpapaliban ay lumitaw lamang matapos ang nasabing takdang panahon.

Seksyon 42. Pagsasagawa ng Naipagpalibang Kumbensiyon. — Ang Convention ay muling itatakda sa loob ng makatwirang panahon mula sa orihinal na petsa kung kailan ito hindi naisagawa.

Sa anumang pagkakataon, ang muling itinakdang Convention ay hindi maaaring isagawa nang lampas sa tatlung (30) araw matapos mawala ang dahilan ng pagpapaliban.

RULE X - MISCELLANEOUS PROVISIONS

 **Seksyon 43. Karagdagang Paglalapat ng mga Umiiral na Batas, Jurisprudence, at Iba pang mga Resolusyon at Administratibong Issuance.** — Ang Saligang Batas ng 1987, mga pambansa at panrehiyong batas, mga Resolusyon ng COMELEC, mga Administrative Order ng MIPA, at mga jurisprudence, sa lawak na naaangkop, ay ipaiiral bilang mga karagdagang tuntunin.

Seksyon 44. Separability Clause. — Sakaling ang alinmang probisyon ng BEC-NMIP IRR na ito, o alinmang bahagi nito, ay ideklarang walang bisa, ang iba pang mga probisyong maaaring ihiwalay sa naturang walang-bisang probisyon ay mananatiling ganap na may bisa at umiiral.

 **Seksyon 45. Rebisyon at Pag-amyenda ng mga Tuntuning Ito.** — Maaaring rebisahin o amyendahan ng COMELEC ang mga Tuntuning ito anumang oras na ituring nitong kinakailangan, matapos ang paunang konsultasyon at pakikipag-ugnayan sa mga maaapektuhang NMIP at Rules Subcommittee.

Seksyon 46. Pagkakabisa. — Ang Internal Rules of Procedure na ito ay magkakabisa kaagad matapos ang opisyal na paglalathala nito sa Bangsamoro Gazette o sa alinmang pahayagang may sirkulasyong panrehiyon, kasabay ng paglalathala nito sa mga opisyal na website ng COMELEC at MIPA.

[REDACTED]

CERTIFICATION

Ang mga kasaping lumagda sa ibaba, na bumubuo sa Rules Subcommittee, sa pamamagitan nito ay pormal na pinagtatibay ang *Internal Rules of Procedure* para sa pagsasagawa ng *Regional Inter-Tribal Convention*.

Alinsunod sa Seksyon 11 ng COMELEC Resolution, pinatutunayan sa pamamagitan nito na ang mga alituntuning binuo ng Rules Subcommittee ay naaayon at hindi sumasalungat sa Indigenous Political Structure (IPS) ng bawat NMIP.

[REDACTED]
MARIO K. KADINGILAN
Chairperson of the Rules Subcommittee

[REDACTED]
JENNEVIE P. CORNELIO
Member of the Rules Subcommittee
Member of NMIPC
NMIP Community

[REDACTED]
ELMER T. SAGLAYAN
Member of the Rules Subcommittee
Member of NMIPC
NMIP Community

[REDACTED]
RICHEL T. KINOBAY
Member of the Rules Subcommittee
Member of NMIPC
NMIP Community

[REDACTED]
RONNIE M. MANIAL
Member of the Rules Subcommittee
Member of NMIPC
NMIP Community

[REDACTED]
TAMMY S. SABAN
Member of the Rules Subcommittee
Member of NMIPC
NMIP Community


APPROVED BY:


ALLAN T. OLUBALANG
NMIPC Chairperson


MARIO K. KADINGILAN
Vice Chairperson



JENNEY U. P. CORNELIO
Member of NMIPC
NMIP Community


JANICA B. OBING
Member of NMIPC
NMIP Community



ELMER T. SAGLAYAN
Member of NMIPC
NMIP Community


FRENZY ANNE M. MIDAL
Member of NMIPC
NMIPC Community


RICHEL T. KINOBY
Member of NMIPC
NMIP Community


ALEXANDER A. DIMDIM
Member of NMIPC
NMIPC Community


RONNIE M. MANIAL
Member of NMIPC
NMIP Community


EZIKIL P. DARIMBANG
Member of NMIPC
NMIPC Community


TAMMY S. SABAN
Member of NMIPC
NMIP Community


ROHANNA P. LANGKAY
Member of NMIPC
NMIP Community